# MADALING PATNUBAY SA ZAKAH (2 NG 2 BAHAGI)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ikalawang bahagi sa madaling sundan na mga mahahalagang patnubay na dapat malaman ng bawat Muslim tungkol sa zakah, isa sa limang haligi ng Islam.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Obligadong Kawang-gawa (Zakaah)

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2012 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 16 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Layunin

·Upang malaman kung paano kinakalkula ang *zakah* sa mga kalakal, mga kabahagi, at 401k.

·Upang maunawaan ang walong uri ng mga tao na maaaring tumanggap ng *zakah*.

·Upang malaman ang ilang mga praktikal na payo sa kung paano magbayad ng *zakah.*

Mga Katawagan sa Arabik

·*Zakah* - obligadong kawang-gawa.

·*Sadaqah* - kusang-loob 0 boluntaryong kawang-gawa.

·*Jihad* - isang pakikibaka, pagsisikap sa isang bagay, at maaaring tumukoy sa isang lehitimong digmaan.

## *Zakah* sa mga kalakal, mga Kabahagi, at 401K

Ang *Zakah* ay kinakalkula sa isang itinalagang halaga na 2.5% ng kabuuang halaga ng pondo o kalakal sa takdang petsa ng *zakah* dahil binili ang mga ito nang may inaasahang kita, at madaliang pakikipagkalakan para sa pera.

Ang mga panandaliang mga mangangalakal ay dapat kalkulahin ang halaga ng mga kalakal sa isang itinakdang taunang petsa ng pagbabayad ng *zakah*, hindi alintana ang mga petsa ng pagbili ng kalakal o pagbabago ng mga halaga, at magbayad ng 2.5% ng kabuuang halaga ng mga ito.

Tila pinaka-mabuti na isaalang-alang ang lahat ng mga halaga o account - 401 (k), Keogh, IRA, SEP-IRA, Roth IRA, at iba pa - na dapat bayaran ng *zakah* sa singil na 2.5% taun-taon. Karaniwang hindi lahat ng pera ay maaaring maibalik sa namumuhunan para sa pag-ayaw, hanggang sa 50% lamang ang karaniwang pinapayagan. Samakatuwid, ang sumusunod na payo ay iminungkahi ng ilang iskolar:

Halaga ng Perang Kukunin - Nakalaang Multa - Nakalaang Buwis = Halagang dapat bayaran sa *Zakah*

# Sino ang maaaring Tumanggap ng *Zakah?*

Sinasabi sa atin ng Quran kung sino ang karapat-dapat na tumanggap ng *zakah*. Ang walong mga uri ay matatagpuan sa Quran sa Kabanata *At-Tawbah,* 9:60:2.

#### 1. Ang Mahirap

Ang mga mahihirap na walang sapat na salapi upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan ay angkop na tumanggap ng *zakah*. Hindi ito nangangahulugan na sila ay walang pananalapi, nguni't hindi kayang matugunan ang kanilang mga pangangailangan, gayunpaman hindi sila humihingi ng tulong sa iba dahil sa kanilang pangingimi at pagkakaroon ng paggalang sa sarili.

#### 2. Ang Dukha

Ang mga taong napakahirap, na wala silang anumang bagay upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Maliwanag, na sila ay nasa mas malalang kalagayan kaysa sa naunang kategorya.

## 3. Mga Tagapangasiwa ng *Zakah*

Ang mga taong responsable sa pangongolekta at pamamahagi ng *zakah* ay maaaring bayaran para sa kanilang trabaho mula sa pondo ng *zakah*. Maaari silang tumanggap ng sahod maging sila man ay mahirap o hindi.

## 4. Pinagkakasundo ang mga Puso

Ang mga taong kamakailan lamang tinanggap ang Islam ay maaaring bigyan ng *zakah*. Ang mga tao ay maaari ring mabigyan ng salapi mula sa *zakah* upang makuha ang kanilang suporta o upang maiwasan ang kanilang pagsalungat.

#### 5. Pagpapalaya ng mga Alipin

Sa nakaraan, ang salapi ng *zakah* ay ginagamit din sa pagbili sa kalayaan ng mga alipin. Itinakda ito ng Quran upang maging isang lehitimong pamamaraan na gugulin ang salapi mula sa *zakah.* Ito ay isang malinaw na pagpapahayag ng pagkahabag ng Islam sa pakikitungo sa mga alipin noong ito ay umiiral pa. Itinaas ng Islam ang pagpapalaya ng mga alipin bilang isang gawaing pagsamba na nakalulugod sa Allah. Walang ibang relihiyon ang nakagawa nito sa abot ng kaalaman ng may-akda na ito.

## 6. Pagbabayad ng mga Utang

Ang mga taong labis na nabaon sa pagkakautang at walang anumang paraan na makabayad sa pamamagitan ng kanilang sarili ay maaari ring tumanggap ng pondo ng *zakah.* Ang utang ay maaaring sanhi ng mga medikal na kadahilanan, pag-aasawa, o iba pang mga legal na gastusin.

### 7. Para sa Allah

Ang kayamanan ay maaari ring gugulin alang-alang sa Allah. Ang tradisyonal na pang-unawa na pinaniniwalaan ng pangunahing mga iskolar ng Islam na ang kategoryang ito ay nakalaan para sa *jihad* o lehitimong digmaan. Ang sumunod na mga iskolar ay pinagsama ang pagsisikap sa pagpapalaganap at pang-kaisipang pagtatanggol sa Islam sa kategoryang ring ito.

### 8. Mga Manlalakbay

Ang mga tao ay kalimitang natitigil o naiiwan noong nakaraan habang naglalakbay na walang makuha sa kanilang mga pondo mula sa kanilang mga tahanan. Ito ay minsan ring nangyayari sa kasalukuyan. Sa gayong mga sitwasyon, ang mga manlalakbay ay maaaring bigyan ng salapi mula sa *zakah.* Sa kondisyon na ang kanilang paglalakbay ay hindi dapat pagsuway sa Allah, kundi para sa isang katanggap-tanggap na dahilan tulad ng paghahanap ng kaalaman, paghahanap ng trabaho, o pakikipag-kalakalan.

## Sino ang Hindi Maaaring Tumanggap ng *Zakah?*

Ang isang taong mayaman ay hindi maaaring magbigay ng *zakah* sa kanyang mga magulang dahil sila ay pananagutan ng kanilang mga anak. Gayundin, ang isang asawang lalaki ay hindi maaaring magbigay ng *zakah* sa kanyang maybahay dahil siya ay may pinansiyal na pananagutan sa kanya. Bukod dito, ang isang di-Muslim ay hindi maaaring bigyan ng *zakah* ayon sa karamihan ng mga iskolar. Ang mga mahihirap na di-Muslim ay maaaring matulungan sa pamamagitan ng *sadaqah* o kusang-loob na kawanggawa.

## Mga Praktikal na Payo sa Pagbibigay ng *Zakah*

## 1. Maaari kang magbigay ng salapi sa isang mahirap at nangangailangang mga Muslim nang direkta kung kilala mo ang mga ito.

2. Ang inyong lokal na Islamikong tanggapan ay malamang na nangongolekta ng *zakah* at ibinabahagi ito sa mga nangangailangan sa lokal na komunidad o mga nagtatrabaho sa isang pangkawang-gawang organisasyon. Samakatuwid, maaari mong tanungin ang lokal na masjid kung tumatanggap sila ng *zakah*. Maaari mo ring makita ang mga kahon na may nakasulat na *"zakah"* sa masjid kung saan maaari mong ihulog ang iyong tseke o hawak na salapi para sa *zakah*.

3. Higit pa rito, maaari kang maghanap sa online at makakita ng maraming mga Islamikong organisasyon sa pagkakawang-gawa na nagtitipon ng *zakah* upang tumulong sa mga ulila o magbahagi ng pagkain o gamot sa mga lugar na dinaanan ng kalamidad.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga organisasyon na maaari mong ibigay ang iyong *zakah:*

www.zakat.org

www.islamic-relief.com

www.hhrd.org

## Mga Iba't Ibang Suliranin

Ang mga alahas na ginto at pilak ay dapat bayaran ng *Zakah.* Ang *zakah* sa ginto ay kakalkulahin ayon sa nilalaman ng ginto sa alahas (ibig sabihin mga kilatis) at ang halaga nito sa pamilihan. Kaya sa pagkalkula sa halaga ng iyong ginto, ay kinakailangan kang kumonsulta sa isang alahero para sa tamang halaga (batay sa nilalaman at timbang). Ang anumang mga bato sa alahas ay hindi nabibilang sa *zakah.*

Ikaw ay dapat na magkaroon ng layunin sa pagbabayad ng *zakah* kapag ibinigay mo ito. Sa madaling sabi, hindi ka maaaring magbigay ng salapi sa donasyon, pagkatapos ay iisipin mo sa iyong sarili, gaya na sasabihin, nakapagbigay na ako ng labis sa kawanggawa, ito ay katumbas na bilang aking *zakah*.

Ang *Zakah* ay dapat kaagad bayaran sa oras na dumating ang takdang panahon para dito. Hindi ito dapat maantala maliban na lamang kung may isang magandang dahilan upang gawin ito, tulad ng paghihintay na magkaroon ng mapagbibigyang mahirap.

Ang isang karaniwan at malawak na hindi pagkakaunawaan na sa sandaling binayaran ko ang *zakah s*a ilang bahagi ng aking kayamanan, ay hindi ko na kailangang magbayad ng *zakah* sa nasabing kayamanan sa susunod na taon. Iyon ay walang basehan. Sa katunayan, hangga't mayroon akong kayamanan na lalagpas sa *nisaab,* at ang isang kumpletong taon ng lunar ay dumaan dito, ako ay patuloy na dapat magbayad ng *zakah* sa bawat taon.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/165/madaling-patnubay-sa-zakah-2-ng-2-bahagi

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.